
7

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan - Modyul 6: Komposisyon ng Populasyon at Kahalagahan ng Yamang Tao sa Asya




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Baitang Pito**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 6: Komposisyon ng Populasyon at Kahalagahan ng Yamang Tao sa Asya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Myra A. Abique
**Editor:** Rosario G. Caluya
**Tagasuri:** Pedro J. Dandal Jr., Margielyn E. Tomanggong, Nora A. Nangit
**Tagaguhit:** Teodorico A. Cabildo, Sergio M. Tupaz, Eric M. Montemar
**Tagalapat:** Esperidion D. Soleta Jr.
**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Mariflor B. Musa
Melbert S. Broqueza
Danilo C. Padilla
Freddie Rey R. Ramirez
Aurelia B. Marquez
Rodgie S. Demalinao
Pedro J. Dandal Jr.

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – MIMAROPA Region**
Office Address: Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City
Telephone Number: (02) 6314070
E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

7

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan - Modyul 6:
## Komposisyon ng Populasyon at Kahalagahan ng Yamang Tao sa Asya

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan-Baitang Pito** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Komposisyon ng Populasyon at Kahalagahan ng Yamang Tao sa Asya**!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan-Baitang Pito** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Komposisyon ng Populasyon at Kahalagahan ng Yamang Tao sa Asya**!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
|  | ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
|  | ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
|  | ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
|  | ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Binabati kita at matagumpay mong nakamit ang mahahalagang kaalaman tungkol sa pangangalaga sa kalagayang timbang ng ekolohiko ng Asya. Natutunan mo rin na kailangan timbang ang ekolohiko ng rehiyon upang mapa-unlad ang ating pamumuhay. Sa araling ito ay malalaman mo ang ugnayan ng yamang tao sa bansa. Pag-aaralan mo rin kung bakit kailangan ang yamang tao. Upang makamit ang mga kaalaman sa araling ito gabay mo ang sumusunod na pamantayan sa pagkatuto.

**Pamantayang Pangnilalaman**

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa ugnayan ng kapaligiran at tao sa paghubog ng sinaunang kabihasnang Asyano.

**Pamantayan sa Pagganap**

Ang mag-aaral ay malalim na nakapaguugnay-ugnay sa bahaging ginampanan ng kapaligiran at tao sa paghubog sa sinaunang kabihasnang Asyano.

**Pamantayan sa Pagkatuto**

Nasusuri ang komposisyon ng populasyon at kahalagahan ng yamang tao sa Asya sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan sa kasalukuyang panahon.
**(AP7HAS-Ij-1.10)**

Handa ka na bang tumuklas ng mga bagong kaalaman? Halina't sagutan ang mga sumusunod na gawain. Ito ay makatutulong sa iyong pang-unawa sa ating paksa.

# Subukin

Panuto: Basahin at unawain ang mga katanungan, pagkatapos ay subukan mong sagutan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa kuwadernong pang aktibiti.

1. Malaki ang epekto ng paglaki ng populasyon sa ating likas na yaman sapagkat maraming mamamayan ang nangangailangan ng mga hilaw na materyales lalo't higit sa mga bansang mauunlad at bansang papaunlad pa lamang. Kung ating susuriing mabuti, ano ang magiging implikasyon nito sa ating likas na yaman ng Asya pagdating ng panahon?
    A. Ang likas na yaman ng Asya ay mauubos o mawawala.
    B. Mapreserba ang mga yamang likas ng Asya.
    C. Aangkat ang mga bansa sa Asya sa ibang mga kontinente.
    D. Higit na madadagdagan ang likas na yaman ng Asya.

2. Malaki ang bahaging ginagampanan ng likas na yaman sa pamumuhay ng mga tao. Mas higit na napaunlad ng tao ang antas ng pamumuhay at natutugunan ang pangunahing pangangailangan. Kung kayo ang mag-iisip ng pamamaraan, ano ang iyong gagawin upang higit na mapakinabangan ang likas na yaman at makatulong sa pag-unlad ng ating bansa.
   A. Gagamitin ng wasto ang mga likas na yaman upang makatugon sa pangangailangan ng tao.
   B. Hindi makikialam sa mga usapin sa likas na yaman dahil ito ay usapin ng Pamahalaan.
   C. Kinakailangang iluwas ang mga produkto sa ibang bansa upang higit na pakinabangan ng mamamayan.
   D. Hindi na gagamitin ang mga likas na yaman upang higit na mapagyaman.

3. Sa larangan ng Agrikultura higit na nakadepende ang tao sapagkat dito nagmumula ang ating pangunahing pangangailangan at maging ang mga produktong panluwas. Ano ang mabubuo mong konklusyon ukol sa pahayag na ito?
   A. Ang larangan ng agrikultura ang tumutugon sa pangunahing pangangailangan ng tao.
   B. Ang mga Asyano ay nakikipagkalakalan sa ibang bansa bunga ng kakulangan sa produksiyon.
   C. Nangangailangan ang mga Asyano ng makabagong teknolohiya upang mapaunlad ang Agrikultura.
   D. Nagiging kulang ang produksiyon sa agrikultura bunga ng pang-aabuso ng tao.

4. Sa mga suliraning pangkapaligiran na nararanasan ng tao sa kasalukuyan na nakakaapekto sa pamumuhay ng mga mamamayan. Sa iyong palagay, alin ang pinakaepektibong pagtugon ng tao upang mapanatili ang balanseng ekolohikal sa ating daigdig?
   A. Paghahanap ng pabrikang mapapasukan na hindi nagbubuga ng matinding usok.
   B. Pakikilahoksa mga proyektong nagsusulong sa pagsagip sa lumalalang kalagayang ekolohikal.
   C. Pananatili sa loob ng tahanan upang makaiwas sa maaaring maidulot ng mga usok ng sasakyan.
   D. Manirahan sa mga lugar na hindi gaanong apektado ng anumang suliraning pangkapaligiran.

5. Kamakailan lamang ay ipinasara ni Pangulong Duterte ang Boracay upang muling maibalik ang ganda at linis nito, gayundin ang pagpapalinis sa mga ilog sa Kamaynilaan tulad ng Manila Bay, Ilog Pasig at marami pang iba. Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang naging hakbang na ito ng Pangulo ng Pilipinas?
   A. Ito ay mahalaga sapagkat nagpapakita ng pagmamalasakit ng Pangulo sa pangangalaga ng kalikasan.
   B. Ito ay nagpapakita ng katapangan ng Pangulo na maisakatuparan ang kanyang mga plano sa pagpapanumbalik ng ganda ng Pilipinas.
   C. Ito ay mahalaga sapagkat muling mapapanumbalik ang kalinisan at kagandahan ng mga anyong tubig natin na nakatutulong sa pagpapababa turismo ng bansa.
   D. Ito ay mahalaga sapagkat nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagkakaroon ng timbang na ekolohikal ng bansang Pilipinas.

6. Ang paglaki ng populasyon ay may malaking implikasyon sa ating likas na pinagkukunan. Paano naging magkaugnay ang tao at ang likas na pinagkukunan?
    A. Ginagamit ng tao ang likas na pinagkukunan upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan.
    B. Ginagamit ng tao ang mga likas na pinagkukunan para lamang sa pansariling pag-unlad.
    C. Ginagamit ng tao ang likas na pinagkukunan upang mapakinabangan ng lubos.
    D. Ginagamit ng tao ang mga likas na pinagkukunan upang mabuhay ng matiwasay at mapaunlad ang pamumuhay.

7. Ang tao ay itinuturing na yaman ng isang bansa. Bilang isang kabataaan, paano mo maipakikita na ikaw ay yaman ng bansa?
    A. Pagsusumikap na makapagtapos ng pag-aaral at maging produktibong mamamayan.
    B. Pagsali sa mga rally upang maiparinig ang tinig ng kabataan.
    C. Pakikibahagi sa mga gawain na magbibigay ng pansariling kasiyahan.
    D. Sisikaping maragdagan ang kaalaman upang magamit sa pansariling kapakanan.

8. Ang yamang tao ay katuwang sa pagpapa-unlad ng isang bansa at maituturing na kayamanan. Sa iyong palagay, bakit itinuturing na pinakamahalagang yaman ng isang bansa ang tao?
    A. Dahil ang tao ang nangangalaga sa kaniyang kapaligiran ngunit inaabuso naman kalaunan.
    B. Dahil ang tao ang lumilikha ng mga produkto para sa kanyang sariling interes at kasiyahan.
    C. Dahil ang tao ay may kakayahang kilalanin ang pangangailangan ng iba ngunit walang sapat na kaalaman upang tugunan ito.
    D. Dahil ang tao ang nangangalaga at lumilinang ng likas na yaman para sa kapakinabangan ng lahat.

9. Ang paglaki ng populasyon ay isa sa suliraning kinakaharap ng ilang bansa sa Daigdig. Alin sa sumusunod na bansa ang may pinakamalaking populasyon sa daigdig?
    A. India
    B. Indonesia
    C. China
    D. Pakistan

10. Ang paglaki ng bilang ng populasyon sa Pilipinas ay pinangangambahan na magdulot ng ibayong problema sa bansa. Ano ang magiging epekto ng patuloy na pagtaas ng populasyon sa ating bansa?
    A. Mas dadami ang manggagawang Pilipino.
    B. Mas lalala ang kahirapan at neagtibong epekto sa kalikasan.
    C. Tataas ang antas ng pag-unlad ng mga tao.
    D. Hindi na mahihirapan ang mga tao sa paghahanap ng trabaho.

11. Bilang isang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pagpapataas sa antas ng karunungan sa pagbasa at pagsulat sa iyong bansang kinabibilangan?
    A. Maghahanap ako ng mga taong maaaring makatulong sa kanila.
    B. Ibabahagi ko ang aking kaalaman sa pagbasa at pagsulat sa mga kabataang hindi nakapag-aral.
    C. Ibibigay ko ang kanilang pangangailangan upang makatulong sa kanilang pag-aaral.
    D. Isusulong ko ang mga proyekto ng paaralan upang makatulong sa mga batang walang kakayahang makapag-aral.

12. Kung ang populasyon ng isang bansa ay binubuo ng mga bata at matandang poupulasyon, ano ang nakikita nating implikasyon sa usaping pang-ekonomiya ng isang bansa?
    A. Magkakaroon ng maraming lakas-paggawa.
    B. Magkakaroon ng kakulangan sa lakas-paggawa,
    C. Mas marami ang dapat na bigyan ng atensiyon ng pamahalaan sa aspetong medikal.
    D. Mas maraming mamamayan ang dapat mangibang bansa.

13. Ayon sa Population Commission o PopCom, patuloy ang paglobo ng populasyon ng Pilipinas. Ano sa palagay ninyo ang kahihinantnan ng tao at ng ating bansa kapag nagpatuloy ang ganitong sitwasyon?
    A. Mas magiging produktibo ang mga tao at tataas ang produksiyon ng bansa.
    B. Magiging maayos ang takbo ng ekonomiya ng bansa dshil ss pangingibang bansa ng mga OFW.
    C. Mas tataas ang bilang ng populasyon at kakambal nito ang pagkukulang sa pinagkukunang yaman ng pangangailangan ng tao.
    D. Magkakaroon ng mas maraming oportunidad at hindi na maghihirap ang tao.

14. Isa sa mga nararanasang matinding suliranin ng daigdig natin sa kasalukuyan ay ang suliranin sa basura na siya ring problemang pinapasan ng ating paaralan. Sa iyong palagay, sa mga naging pagtugon ng paaralan, alin ang epektibo upang mabawasan ang mga basura?
    A. Pagkakaroon ng oplan linis sa loob ng Paaralan.
    B. Mahigpit na pagpapatupad ng zero plastic policy.
    C. Pagsasagawa ng recycling sa mga basura.
    D. Pagkakaroon ng mga Materials Recovery Facility (MRF).

15. Ang Indonesia ay isang bansa na nagsisikap na makontrol ang paglaki ng kanilang populasyon sa kanilang programang Quality Family 2015 subalit maraming naging balakid upang maisakatuparan ang kanilang layunin. Alin sa sumusunod ang mga naging balakid sa pagpapatupad ng kanilang programa?
    I. Ang pagkakaroon ng mga lokal na tradisyon at kultura.
    II. Ang pagiging Islamiko ng karamihang mamamayan.
    III. Kakulangan ng panahon upang maipatupad ang programa.
    IV. Ang pagtanggap at kaugalian ng mamamayan sa kanilang bansa.

    A. I, II, III
    B. II, III, IV
    C. I, II, IV
    D. I, III, I.

# Aralin 1

# Komposisyon ng Populasyon at Kahalagahan ng Yamang Tao sa Asya



## *Balikan*

**Gawain: “Likas-Yaman, Buhay Ko Magpakailanman”**

Alamin kung saang rehiyon ng Asya matatagpuan ang mga likas yaman na nakasulat sa arrow. Isulat sa kahon na nakatapat sa likas yaman ang tinutukoy na mga rehiyon tulad ng rehiyong **Timog Asya, Hilagang Asya, Kanlurang Asya, Silangang Asya at Timog Silangang Asya**.

| LIKAS NA YAMAN | MGA REHIYON SA ASYA |
|---|---|
| May pinakamalaking deposito ng ginto | |
| Langis at petrolyo | |
| Paghubog ng Agrikultura sa kabuhayan ng mga tao | |
| Mayamang Depositong mineral at yamang lupa | |



## *Tuklasin*

**Gawain: Sanhi at Bunga!**

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang mga bunga patungkol sa mga sanhi na nakasulat sa Hanay A. Itapat ito sa pamamagitan ng guhit.


| HANAY A | | | HANAY B |
|---|---|---|---|
| Patuloy na pagdami ng tao sa isang bansa | ● | ● | Nangangahulugan na mas malaki ang potensyal sa paglaki ng populasyon ng bansa |
| Kapag mababa ang literacy rate ng isang bansa | ● | ● | Karagdagang presyur sa likas yaman ng mundo |
| ataas na GDP ng isang bansa | ● | ● | Magiging mabagal din ang pagsulong ng kaunlaran ng estado |
| Ang mataas na birth rate ng isang bansa | ● | ● | Masasabing maunlad at matiwasay ang bansa |



## *Suriin*

**Gawain 4: "PICTO-SURI"**

Patuloy na dumarami ang bilang ng tao sa Asya at sa buong daigdig. Suriin mo ang larawan at sagutan ang mga pamprosesong tanong.



**Sa bawat sampung tao sa mundo, anim ang naninirahan sa kontinente ng Asya.**

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang ipinahihiwatig ng larawan?
2. Batay sa iyong pagsusuri, ano ang maaari mong mahinuha patungkol sa larawan?
3. Sa tingin mo, may malaking gampanin ba ang ating pamahalaan sa sitwasyong ito?
4. Bilang mamamayan at mag-aaral, may magagawa ka basa patuloy na pagtaas ng populasyon sa bansa? Ipaliwanag.

**Ang Yamang Tao sa Asya**

Patuloy ang paglaki ng populasyon sa daigdig. Ito ay isa sa mga suliraning kinakaharap ng ilang mga bansa sa daigdig sa kasalukuyang panahon. Ayon sa ulat ng United States Census Bureau tinatayang ang kabuuang bilang ng populasyon ng daigdig ay umaabot sa 7.005 bilyon. Sinasabi sa ulat na 60 bahagdan ng kabuuang populasyon sa daigdig ay nanggaling sa Asya. Patunay dito ay ang dalawang bansa na may pinakamalaking populasyon na matatagpuan sa Asya-

Kaya mahalagang mapag-aralan at masuri ang katangian ng populasyon ng mga bansa sa Asya. Sa pag-aaral na gagawin kinakailangang mabigyang kahulugan ang pangunahing salita na karaniwang ginagamit sa pagtataya ng implikasyon ng populasyon sa pag-unlad ng kabuhayan ng isang lugar gaya ng sumusunod:

- **Populasyon** – tumutukoy sa dami ng tao sa isang lugar/bansa;
- **Population Growth Rate**- bahagdan ng bilis ng pagdami ng tao sa isang bansa bawat taon;
- **Life Expectancy**- inaasahang haba ng buhay;
- **Gross Domestic Product (GDP)**- ang kabuuang panloob na kita ng isang bansa sa loob ng isang taon;
- **GDP per capital**- kita ng bawat indibidwal sa loob ng isang taon sa bansang kaniyang panahanan. Nakukuha ito sa pamamagitan ng paghahati ng kabuuang GDP ng bansa sa dami ng mamamayang naninirahan dito;
- **Unemployment Rate**- tumutukoy sa bahagdan ng populasyong walang hanapbuhay o pinagkakakitaan;
- **Literacy Rate**- tumutukoy sa bahagdan ng populasyon na marunong bumasa at sumulat;
- **Migrasyon**- pandarayuhan o paglipat ng lugar o tirahan.

Gawain: Pag-aralan ang talahanayan at pagtuonan ng pansin ang mga katangian ng populasyon. Sagutan ang mga pamprosesong tanong.

**Talahanayan 1: Katangian ng Populasyon sa Asya**

| Bansa | Populasyon | Gulang | | | Life Expectancy | Growth Rate | Kasarian | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 0-14 | 15-65 | 65+ | | | Babae | Lalaki |
| Afghanistan | 28,149,916 | 43.2 | 54.4 | 2.5 | 44.65 | 2.47 | 14,578,682 | 13,571,234 |
| Armenia | 3,082,951 | 17.4 | 72.7 | 9.9 | 72.96 | 0.02 | 1,436,966 | 1,645,985 |
| Azerbaijan | 8,832,172 | 22.7 | 71 | 6.3 | 67.01 | 0.81 | 4,316,716 | 4,515,456 |
| Bahrain | 791,473 | 20.2 | 77.2 | 2.6 | 75.40 | 1.24 | 454,152 | 337,321 |
| Bangladesh | 162,220,762 | 33.6 | 61.6 | 4.8 | 60.63 | 1.27 | 82,032,166 | 80,188,596 |
| Bhutan | 697,335 | 28.4 | 65.8 | 5.8 | 66.71 | 1.24 | 367,631 | 329,704 |
| Brunei | 339,687 | 25 | 71.3 | 3.7 | 75.96 | 1.73 | 206,305 | 193,382 |
| Cambodia | 14,805,358 | 31.9 | 64.3 | 3.8 | 65.52 | 1.78 | 7,244,747 | 7,560,611 |
| China | 1,345,750,973 | 17.4 | 73.5 | 9.1 | 74.51 | 0.49 | 698,405,850 | 647,345,123 |
| Georgia | 4,260,333 | 15.5 | 68.4 | 16.1 | 76.93 | -0.33 | 2,003,918 | 2,256,415 |
| India | 1,198,003,272 | 29.3 | 65.2 | 5.6 | 66.46 | 1.38 | 618,942,535 | 579,060,737 |
| Indonesia | 229,964,723 | 27 | 66.6 | 6.4 | 71.05 | 1.10 | 114,807,198 | 115,157,525 |
| Iran | 74,195,741 | 23.9 | 71.7 | 5.1 | 71.43 | 0.94 | 37,729,913 | 36,467,828 |
| Iraq | 30,747,296 | 37.6 | 59.3 | 3.1 | 70.25 | 2.45 | 15,545,729 | 15,201,567 |
| Israel | 7,169,556 | 27.5 | 62.2 | 10.3 | 80.86 | 1.63 | 3,555,439 | 3,614,117 |
| Japan | 127,156,225 | 13.5 | 62.6 | 23.9 | 82.17 | -0.24 | 61,939,779 | 65,216,446 |
| Jordan | 6,316,432 | 34.9 | 60.2 | 4.9 | 79.92 | 2.16 | 3,239,280 | 3,239,280 |
| Kazakhstan | 15,636,987 | 24.4 | 68.8 | 6.7 | 68.19 | 0.40 | 7,447,034 | 8,189,953 |
| North Korea | 23,906,070 | 22 | 68.7 | 9.3 | 64.13 | 0.39 | 11,804,293 | 12,101,777 |
| South Korea | 48,332,820 | 15.1 | 7.3 | 11.9 | 78.81 | 0.26 | 23,931,788 | 24,401,032 |
| Kuwait | 2,985,046 | 25.1 | 72.3 | 2.1 | 77.89 | 3.50 | 1,777,238 | 1,207,808 |
| Kyrgyztan | 5,482,200 | 29.6 | 65.5 | 4.9 | 69.74 | 1.41 | 2,704,978 | 2,777,222 |
| Laos | 6,320,429 | 36.1 | 60.1 | 3.7 | 56.96 | 2.29 | 3,153,478 | 3,166,951 |
| Malaysia | 27,467,837 | 29.4 | 65.5 | 5.1 | 73.55 | 1.70 | 13,946,639 | 13,521,198 |
| Maldives | 309,430 | 21.2 | 74.6 | 4.1 | 74.21 | -0.18 | 156,260 | 153,170 |
| Mongolia | 2,670,966 | 27.1 | 68.9 | 4 | 67.98 | 1.50 | 1,320,984 | 1,349,982 |
| Myanmar | 50,019,775 | 27.1 | 67.8 | 5.1 | 64.9 | 1.75 | 24,433,683 | 25,586,092 |
| Nepal | 29,330,505 | 33.5 | 62 | 4.4 | 65.81 | 1.42 | 14,567,674 | 14,762,831 |
| Oman | 2,845,415 | 30.8 | 66 | 3.2 | 73.97 | 2.00 | 1,605,162 | 1,240,253 |
| Pakistan | 180,808,096 | 34.7 | 61 | 4.2 | 65.62 | 1.51 | 93,101,700 | 87,706,396 |
| Philippines | 91,983,102 | 34.3 | 61.3 | 4.3 | 71.38 | 1.93 | 46,327,763 | 45,665,339 |
| Qatar | 1,409,423 | 12.5 | 86.7 | 0.8 | 75.51 | 0.87 | 1,062,942 | 346,481 |
| Singapore | 4,736,878 | 14 | 78.3 | 7.8 | 82.06 | 0.86 | 2,380,071 | 2,356,807 |
| Sri Lanka | 20,237,730 | 24.9 | 67 | 8.1 | 75.30 | 0.86 | 9,965,629 | 10,272,101 |
| Syria | 21,906,156 | 34.6 | 61.6 | 3.8 | 74.46 | 1.95 | 11,056,330 | 10,849,826 |
| Tajikistan | 6,952,223 | 33.7 | 63 | 3.3 | 65.68 | 1.85 | 3,432,263 | 3,519,960 |
| Thailand | 67,764,033 | 19.5 | 71 | 9.5 | 73.36 | 0.60 | 33,327,947 | 34,436,086 |
| Timor-Leste | 1,133,594 | 43 | 53.5 | 3.5 | 67.61 | 2.00 | 577,044 | 556,550 |
| Turkey | 74,815,703 | 26.2 | 67.4 | 6.4 | 72.23 | 1.27 | 37,579,409 | 37,236,294 |
| Turkmenistan | 5,109,881 | 27.2 | 68.8 | 4.1 | 68.20 | 1.14 | 2,517,980 | 2,591,901 |
| UAE | 4,598,600 | 20.5 | 78.5 | 0.9 | 76.32 | 3.56 | 3,093,246 | 1,505,354 |
| Uzbekistan | 27,448,220 | 25.8 | 69.5 | 4.7 | 72.24 | 0.94 | 13,664,259 | 13,823,961 |
| Vietnam | 88,068,900 | 24.9 | 69.6 | 5.5 | 71.94 | 1.10 | 43,498,243 | 44,570,657 |
| Yemen | 23,580,220 | 42.5 | 54.9 | 2.6 | 63.36 | 2.71 | 11,922,786 | 11,657,434 |

En.worldstat.info/Asia/List_of_countries_by_Net_migration_rate UN Statistics Division Department of Economic and Social Affairs.
"World Population Prospects: The 2008 Revision"


**Talahanayan 2: Katangian ng Populasyon**

| Bansa | Bahagdan ng Marunong Bumasa | Bahagdan ng Migrasyon | Unemployment rate | GDP Per-Capita |
|---|---|---|---|---|
| Afghanistan | 29.0 | 3.3 | 36.0 | 1,000 |
| Armenia | 99.6 | -3.8 | 7.0 | 5,500 |
| Azerbaijan | 99.8 | -1.1 | 6.0 | 10,300 |
| Bahrain | 94.6 | 16.1 | 15.0 | 27,900 |
| Bangladesh | 56.8 | -1.6 | 5.0 | 735 |
| Bhutan | 47.0 | 0 | 4.0 | 6,200 |
| Brunei | 92.7 | 2.6 | 3.7 | 50,000 |
| Cambodia | 73.6 | -0.3 | 1.68 | 2,200 |
| China | 82.2 | -0.3 | 4.1 | 8,500 |
| Georgia | 99.7 | -4.1 | 16.3 | 5,600 |
| India | 74.04 | -0.1 | 3.8 | 3,700 |
| Indonesia | 90.4 | -1.2 | 6.56 | 4,700 |
| Iran | 77.0 | -0.1 | 11.5 | 13,200 |
| Iraq | 78.2 | 0 | 18 | 3,501 |
| Israel | 97.1 | 2.1 | 7.1 | 31,282 |
| Japan | 99.0 | 0 | 4.5 | 35,200 |
| Jordan | 92.6 | -14.3 | 11.9 | 4,666 |
| Kazakhstan | 99.5 | -3.3 | 6.1 | 13,200 |
| North Korea | 99 | 0 | NA | 1,800 |
| South Korea | 97.9 | 0 | 3.7 | 32,150 |
| Kuwait | 93.3 | 0.7 | 1.5 | 62,664 |
| Kyrgyztan | 98.7 | -2.6 | 8.2 | 2,400 |
| Laos | 73.0 | -1.2 | 2.5 | 2,700 |
| Malaysia | 88.7 | -0.4 | 3.0 | 15,800 |
| Maldives | 94.7 | -12.6 | 14.5 | 6,405 |
| Mongolia | 94.6 | 0 | 11.7 | 3,056 |
| Myanmar | 89.9 | -0.3 | 5.5 | 1,310 |
| Nepal | 60.3 | 0.6 | NA | 619 |
| Oman | 81.4 | -0.5 | 24.4 | 25,221 |
| Pakistan | 54.9 | -2.2 | 5.7 | 2,800 |
| Philippines | 92.6 | -1.3 | 6.9 | 4,100 |
| Qatar | 96.3 | -4.9 | 0.5 | 92,501 |
| Singapore | 92.5 | 4.6 | 1.9 | 60,500 |
| Sri Lanka | 90.6 | -2.2 | 4.2 | 5,700 |
| Syria | 79.6 | -11.2 | 9.2 | 5,100 |
| Tajikistan | 99.7 | -1.2 | 60.0 | 2,100 |
| Thailand | 92.6 | 0 | 1.2 | 9,500 |
| Turkey | 94.1 | 0.5 | 8.0 | 10,498 |
| Turkmenistan | 98.8 | -1.9 | 70 | 4,772 |
| UAE | 77.9 | 19.0 | 4.3 | 45,653 |
| Uzbekistan | 99.3 | -2.7 | 8.0 | 3,300 |
| Vietnam | 94.0 | -0.4 | 2.9 | 3,400 |
| Yemen | 63.91 | 0 | 35.0 | 1,361 |

Data.world.bank.org/indicator/NY.CDP.PCAP.CD
www.tradingseconomics.com/mongolia/unemployment
www.arabianbusiness.com/oman_economy_growing

**Pamprosesong Tanong:**


1. Batay sa iyong pagbasa at pagsusuri, anong bansa ang may mahabang life expectancy? Bakit? Ipaliwanag ang iyong sagot.
2. Batay sa talahanayan anong bansa ang may pinakamaraming tao? Paano ito makakaapekto sa hanapbuhay ng rehiyon? Ipaliwanag.
3. Paano mo ituturing ang mga turistang pumupunta sa ating bansa? Ipaliwanag.



# *Pagyamanin*

**Gawain: LIST-TO-GRAPH**

Panuto: Itala sa Graphic Organizer ang mga katangian ng populasyon na nakatulong sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan.




**Gawain: Sino Ako!**

Panuto: Sagutan ang iyong sariling personal-data para sa paghahanda sa paghahanap ng trabaho.


Pangalan______________________Edad________________Kasarian___________
Tirahan________________________________________
Petsa ng Kapanganakan________________Lugar ng kapanganakan___________

*Mga Magulang:*
Pangalan ng Ama_________Natapos sa pag-aaral________Hanapbuhay________
Pangalan ng Ina_________Natapos sa pag-aaral________Hanapbuhay_________

*Mga Kapatid:*
1.______________Gulang____________Natapos_________
2.______________Gulang____________Natapos_________

**Gawain: Kaya Mo, Kaya Ko!**

Panuto: Magtala ng mga gawain na maaari sa babae o lalaki: Gawin ito sa Venn Diagram





**Pamprosesong Tanong:**

1. Ang patuloy na paglaki ng populasyon sa isang bansa ay magdudulot ng malaking suliranin. Bakit?
2. Paano nakaapekto sa isang bansa ang mataas na unemployment rate nito?
3. Paano nakatulong sa pag-unlad ng isang bansa ang migrasyon?
4. Paano mo mapahalagahan ang ugnayan ng tao at kapaligiran sa paghubog ng kalagayang pang-ekonomiya?
5. Bakit kailangan ang yamang tao sa bansa. Ipaliwanag?

## *Isaisip*

**Gawain: Tumpak!**


**Panuto:** Punan ng tamang sagot ang patlang mula sa mga salita loob ng kahon.



## *Isagawa*

**Gawain 7: "Ako Bilang Future Tatay O Nanay"**

Bilang magiging Tatay o Nanay sa hinaharap, ano ang iyong magagawa para magkaroon ng masaya at nagkakaisang pamilya. Ipahayag ang iyong pagpapahalaga sa bawat isa. Isulat ang iyong saloobin sa larawang puso.



Mateo, Ph.D., Grace Estela C., et al., Kabihasnang Asyano Kasaysayan at Kultura, Vibal Publishing House, Quezon, City, Philippines, 2008, (pp. 84-99);
http://www.bitsofscience.org/world-population- 7 billion -people-39



## *Tayahin*

Panuto: Basahin at unawain ang mga katanungan, pagkatapos ay subukan mong sagutan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa kuwadernong pang aktibiti.

1. Malaki ang epekto ng paglaki ng populasyon sa ating likas na yaman sapagkat maraming mamamayan ang nangangailangan ng mga hilaw na materyales lalo't higit sa mga bansang mauunlad at bansang papaunlad pa lamang. Kung ating susuriing mabuti, ano ang magiging implikasyon nito sa ating likas na yaman ng Asya pagdating ng panahon?
   A. Ang likas na yaman ng Asya ay mauubos o mawawala.
   B. Mapreserba ang mga yamang likas ng Asya.
   C. Aangkat ang mga bansa sa Asya sa ibang mga kontinente.
   D. Higit na madadagdagan ang likas na yaman ng Asya.

2. Malaki ang bahaging ginagampanan ng likas na yaman sa pamumuhay ng mga tao. Mas higit na napaunlad ng tao ang antas ng pamumuhay at natutugunan ang pangunahing pangangailangan. Kung kayo ang mag-iisip ng pamamaraan, ano ang iyong gagawin upang higit na mapakinabangan ang likas na yaman at makatulong sa pag-unlad ng ating bansa.
   A. Gagamitin ng wasto ang mga likas na yaman upang makatugon sa pangangailangan ng tao.
   B. Hindi makikialam sa mga usapin sa likas na yaman dahil ito ay usapin ng Pamahalaan.
   C. Kinakailangang iluwas ang mga produkto sa ibang bansa upang higit na pakinabangan ng mamamayan.
   D. Hindi na gagamitin ang mga likas na yaman upang higit na mapagyaman.

3. Sa larangan ng Agrikultura higit na nakadepende ang tao sapagkat dito nagmumula ang ating pangunahing pangangailangan at maging ang mga produktong panluwas. Ano ang mabubuo mong konklusyon ukol sa pahayag na ito?
   A. Ang larangan ng agrikultura ang tumutugon sa pangunahing pangangailangan ng tao.
   B. Ang mga Asyano ay nakikipagkalakalan sa ibang bansa bunga ng kakulangan sa produksiyon.
   C. Nangangailangan ang mga Asyano ng makabagong teknolohiya upang mapaunlad ang Agrikultura.
   D. Nagiging kulang ang produksiyon sa agrikultura bunga ng pang-aabuso ng tao.

4. Sa mga suliraning pangkapaligiran na nararanasan ng tao sa kasalukuyan na nakakaapekto sa pamumuhay ng mga mamamayan. Sa iyong palagay, alin ang pinakaepektibong pagtugon ng tao upang mapanatili ang balanseng ekolohikal sa ating daigdig?
   A. Paghahanap ng pabrikang mapapasukan na hindi nagbubuga ng matinding usok.
   B. Pakikilahoksa mga proyektong nagsusulong sa pagsagip sa lumalalang kalagayang ekolohikal.

C. Pananatili sa loob ng tahanan upang makaiwas sa maaaring maidulot ng mga usok ng sasakyan.
D. Manirahan sa mga lugar na hindi gaanong apektado ng anumang suliraning pangkapaligiran.

5. Kamakailan lamang ay ipinasara ni Pangulong Duterte ang Boracay upang muling maibalik ang ganda at linis nito, gayundin ang pagpapalinis sa mga ilog sa Kamaynilaan tulad ng Manila Bay, Ilog Pasig at marami pang iba. Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang naging hakbang na ito ng Pangulo ng Pilipinas?
   A. Ito ay mahalaga sapagkat nagpapakita ng pagmamalasakit ng Pangulo sa pangangalaga ng kalikasan.
   B. Ito ay nagpapakita ng katapangan ng Pangulo na maisakatuparan ang kanyang mga plano sa pagpapanumbalik ng ganda ng Pilipinas.
   C. Ito ay mahalaga sapagkat muling mapapanumbalik ang kalinisan at kagandahan ng mga anyong tubig natin na nakatutulong sa pagpapababa turismo ng bansa.
   D. Ito ay mahalaga sapagkat nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagkakaroon ng timbang na ekolohikal ng bansang Pilipinas.

6. Ang paglaki ng populasyon ay may malaking implikasyon sa ating likas na pinagkukunan. Paano naging magkaugnay ang tao at ang likas na pinagkukunan?
   A. Ginagamit ng tao ang likas na pinagkukunan upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan.
   B. Ginagamit ng tao ang mga likas na pinagkukunan para lamang sa pansariling pag-unlad.
   C. Ginagamit ng tao ang likas na pinagkukunan upang mapakinabangan ng lubos.
   D. Ginagamit ng tao ang mga likas na pinagkukunan upang mabuhay ng matiwasay at mapaunlad ang pamumuhay.

7. Ang tao ay itinuturing na yaman ng isang bansa. Bilang isang kabataaan, paano mo maipakikita na ikaw ay yaman ng bansa?
   A. Pagsusumikap na makapagtapos ng pag-aaral at maging produktibong mamamayan.
   B. Pagsali sa mga rally upang maiparinig ang tinig ng kabataan.
   C. Pakikibahagi sa mga gawain na magbibigay ng pansariling kasiyahan.
   D. Sisikaping maragdagan ang kaalaman upang magamit sa pansariling kapakanan.

8. Ang yamang tao ay katuwang sa pagpapa-unlad ng isang bansa at maituturing na kayamanan. Sa iyong palagay, bakit itinuturing na pinakamahalagang yaman ng isang bansa ang tao?
   A. Dahil ang tao ang nangangalaga sa kaniyang kapaligiran ngunit inaabuso naman kalaunan.
   B. Dahil ang tao ang lumilikha ng mga produkto para sa kanyang sariling interes at kasiyahan.
   C. Dahil ang tao ay may kakayahang kilalanin ang pangangailangan ng iba ngunit walang sapat na kaalaman upang tugunan ito.
   D. Dahil ang tao ang nangangalaga at lumilinang ng likas na yaman para sa kapakinabangan ng lahat.

9. Ang paglaki ng populasyon ay isa sa suliraning kinakaharap ng ilang bansa sa Daigdig. Alin sa sumusunod na bansa ang may pinakamalaking populasyon sa daigdig?
   A. India
   B. Indonesia
   C. China
   D. Pakistan

10. Ang paglaki ng bilang ng populasyon sa Pilipinas ay pinangangambahan na magdulot ng ibayong problema sa bansa. Ano ang magiging epekto ng patuloy na pagtaas ng populasyon sa ating bansa?
   A. Mas dadami ang manggagawang Pilipino.
   B. Mas lalala ang kahirapan at neagtibong epekto sa kalikasan.
   C. Tataas ang antas ng pag-unlad ng mga tao.
   D. Hindi na mahihirapan ang mga tao sa paghahanap ng trabaho.

11. Bilang isang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pagpapataas sa antas ng karunungan sa pagbasa at pagsulat sa iyong bansang kinabibilangan?
   A. Maghahanap ako ng mga taong maaaring makatulong sa kanila.
   B. Ibabahagi ko ang aking kaalaman sa pagbasa at pagsulat sa mga kabataang hindi nakapag-aral.
   C. Ibibigay ko ang kanilang pangangailangan upang makatulong sa kanilang pag-aaral.
   D. Isusulong ko ang mga proyekto ng paaralan upang makatulong sa mga batang walang kakayahang makapag-aral.


12. Kung ang populasyon ng isang bansa ay binubuo ng mga bata at matandang poupulasyon, ano ang nakikita nating implikasyon sa usaping pang-ekonomiya ng isang bansa?
   A. Magkakaroon ng maraming lakas-paggawa.
   B. Magkakaroon ng kakulangan sa lakas-paggawa,
   C. Mas marami ang dapat na bigyan ng atensiyon ng pamahalaan sa aspetong medikal.
   D. Mas maraming mamamayan ang dapat mangibang bansa.

13. Ayon sa Population Commission o PopCom, patuloy ang paglobo ng populasyon ng Pilipinas. Ano sa palagay ninyo ang kahihinantnan ng tao at ng ating bansa kapag nagpatuloy ang ganitong sitwasyon?
   A. Mas magiging produktibo ang mga tao at tataas ang produksiyon ng bansa.
   B. Magiging maayos ang takbo ng ekonomiya ng bansa dshil ss pangingibang bansa ng mga OFW.
   C. Mas tataas ang bilang ng populasyon at kakambal nito ang pagkukulang sa pinagkukunang yaman ng pangangailangan ng tao.
   D. Magkakaroon ng mas maraming oportunidad at hindi na maghihirap ang tao.

14. Isa sa mga nararanasang matinding suliranin ng daigdig natin sa kasalukuyan ay ang suliranin sa basura na siya ring problemang pinapasan ng ating paaralan. Sa iyong palagay, sa mga naging pagtugon ng paaralan, alin ang epektibo upang mabawasan ang mga basura?
    A. Pagkakaroon ng oplan linis sa loob ng Paaralan.
    B. Mahigpit na pagpapatupad ng zero plastic policy.
    C. Pagsasagawa ng recycling sa mga basura.
    D. Pagkakaroon ng mga Materials Recovery Facility (MRF).

15. Ang Indonesia ay isang bansa na nagsisikap na makontrol ang paglaki ng kanilang populasyon sa kanilang programang Quality Family 2015 subalit maraming naging balakid upang maisakatuparan ang kanilang layunin. Alin sa sumusunod ang mga naging balakid sa pagpapatupad ng kanilang programa?
    I. Ang pagkakaroon ng mga lokal na tradisyon at kultura.
    II. Ang pagiging Islamiko ng karamihang mamamayan.
    III. Kakulangan ng panahon upang maipatupad ang programa.
    IV. Ang pagtanggap at kaugalian ng mamamayan sa kanilang bansa.

    A. I, II, III
    B. II, III, IV
    C. I, II, IV
    D. I, III, I.



## *Karagdagang Gawain*

**Gawain: Humihirit!**

Sagutin mo ngayon ang panghuling katanungan.

1. Ano ang kaugnayan ng populasyon sa pinagkukunang yaman ng Asya?
2. Ano ang kaugnayan ng Edad ng mga tao sa hanapbuhay Nila?
3. Ano ang kaugnayan ng dami ng tao sa pag-unlad ng mga bansa sa Asya?

# *Susi sa Pagwawasto*

## Subukin/Tayahin

1. A
2. A
3. A
4. B
5. D
6. D
7. A
8. D
9. C
10. B
11. B
12. B
13. C
14. B
15. D

## Balikan

1. May pinakamalaking deposito ng ginto – **Hilagang Asya**
2. Langis at petrolyo – **Kanlurang Asya**
3. Paghubog ng Agrikultura sa kabuhayan ng mga tao – **Silangang Asya**
4. Mayamang depositing mineral at yamang lupa – **Timog Asya**

## Suriin

| Deskripsyon | Iskala | Iskor |
|---|---|---|
| 1.Kagalingan sa pag-unawa sa paksa | 1 – 5 | |
| 2.Kagalingan sa pagsagot sa mga tanong | 1 – 5 | |
| 3.Kagalingan sa interpretasyon | 1 – 5 | |
| 4.Kagalingan sa pag-uugnay sa ibang isyu | 1 – 5 | |
| 5.Kagalingan sa pagbubuod | 1 – 5 | |

# *Sanggunian*

**A. Aklat**

Mateo, Ph.D., Grace Estela C., et al., Kabihasnang Asyano Kasaysayan at Kultura, Vibal Publishing House, Quezon, City, Philippines, 2008, (pp. 84-99);

**B. Modyul**

Blando, Rosemarie,et.al.Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba (Modyul ng Mag-aaral), ph.88-105

Blando, Rosemarie,et.al.Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba ( Modyul ng Mag-aaral ), ph.70-85

Mateo, Grace et.al, Asya Pag-usbong ng Kabihasnan,pahina 56-57

**C. Website**

http://www.bitsofscience.org/world-population- 7 billion -people-39
Data.world.bank.org/indicator/NY.CDP.PCAP.CD
www.tradingseconomics.com/mongolia/unemployment
www.arabianbusiness.com/oman_economy_growing

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph